Republika ng Pilipinas
# Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon V
**Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan ng Sorsogon**

19 Agosto 2025

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
**Blg. 217 , s. 2025**

**OPISYAL NA RESULTA NG PANSANGAY NA SELYO NG KAHUSAYAN SA SERBISYO PUBLIKO 2025**

SA: Kawaksing Tagapamanihala
Punong Tagamasid ng SGOD at CID
Mga Tagamasid Pansangay ng Programang Pang-edukasyon
Mga Tagamasid Pandistrito ng mga Pampublikong Paaralan
Mga Kawaksing Tagamasid Pandistrito ng mga Pampublikong Paaralan
Mga Tagapag-ugnay Pansangay
Mga Punong Guro at Namumunong Guro sa Antas Elementarya at Sekondarya
Sa Iba pang Kinauukulan

1. Ipinababatid ng Kagawaran ng Edukasyon Sangay ng Sorsogon, sa pangunguna ng Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum, ang opisyal na resulta ng Pansangay na Selyo ng Kahusayan sa Serbisyo Publiko 2025. Narito ang listahan ng mga paaralan at ang kanilang natamong antas:

| *PAARALAN* | *ANTAS* |
|---|---|
| Pambansang Mataas na Paaralan ng Gallanosa<br>*(Pambansang Gawad ng KWF sa SKSP 2022)* | Dangal ng Sangay |
| Pambansang Mataas na Paaralang Komprehensibo ng Donsol | 3 |
| Mataas na Paaralang Bokasyonal ng Donsol | 3 |
| Pambansang Mataas na Paaralan ng Danao | 2 |
| Pambansang Mataas na Paaralan ng Abucay | 1 |
| Pambansang Mataas na Paaralan ng Pilar | Finalist |
| Pambansang Mataas na Paarlan ng Prieto Diaz | |

2. Inaasahang bilang mga tagatanggap ng gawad sa nabanggit na patimpalak, patuloy na magigigng huwaran ang mga nasabing paaralan sa paggamit ng Wikang Filipino sa mga transaksiyon at komunikasyon sa serbisyo publiko.

3. Ipinaaabot ang taos-pusong pasasalamat ng Tanggapan sa mga Punong-guro, Namumunong-Guro, Tagapag-ugnay ng Gawain, at Sangkaguruan sa kanilang suporta sa pagpapatupad ng Atas Tagapagpaganap Blg. 335. Gayundin, sa mga naging hurado at *evaluator* sa patimpalak na ito.

| | | |
|---|---|---|
| Zander J. Macandog | HT VI | Donsol NCHS |
| Imelda G. Narvadez | HT III | Gallanosa NHS |
| Albert Escobedo | MT II | Gubat NHS |
| Ana Maria B. Gojar | MT I | Bulan NHS |
| Julie Ann A. Bas | T III | Donsol West CS |
| Michelle Erika A. Clemente | T III | Donsol VHS |
| Mary Grace Astillero | T III | Gallanosa NHS |

4. Ang mga nagkamit ng antas ay gagawaran ng tropeo at sertipiko. Gayundin, ang mga hurado at evaluator ay tatanggap ng sertipiko. Ang gawad-parangal na ito ay maaaring kunin sa tanggapan ng Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum kay Sharon A. Vito, Tagamasid Pansangay sa Programang Pang-edukasyon (Education Program Supervisor) sa Agosto 27, 2025.

5. Ang anumang gugulin kaugnay sa pagkuha ng gawad ay maaaring hanguin mula sa pondong lokal at/o iba pang pondong pampaaralan na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri na naaayon sa mga ipinapatupad na tuntunin at regulasyon ng akawnting.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**JOSE L. DONCILLO, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

*Kalakip:* *Gaya ng nasasaad*
*Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan*
*sa ilalim ng sumusunod na paksa:*

*Buwan ng Wika* *Pagkilala*
*EO 335* *Selyo ng Kahusayan sa Serbisyo Publiko*
*Paaralan* *Guro* *Mag-aaral*

Komplex Pampalakasan ng Balogo, Balogo,
Sorsogon, Sorsogon 4700
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph